# Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 27
# Ang Talinghaga ng Piging sa Kasal

"1 At sumagot si Jesus at muling pinagsalitaan sila sa mga talinghaga, na sinasabi, 2 Tulad ang kaharian ng langit sa isang hari na naghanda ng piging ng kasalan ng kaniyang anak na lalake, 3 At sinugo ang kaniyang mga alipin upang tawagin ang mga inanyayahan sa piging ng kasalan: at sila'y ayaw magsidalo. 4 Muling nagsugo siya sa ibang mga alipin, na sinasabi, Sabihin ninyo sa mga inanyayahan, Narito, inihanda ko na ang aking piging; pinatay ko ang aking mga baka at mga hayop na matataba, at ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na: magsiparito kayo sa piging ng kasalan. 5 Datapuwa't hindi nila pinansin, at sila'y nagsiyaon sa kanilang lakad, ang isa'y sa kaniyang sariling bukid, ang isa'y sa kaniyang mga kalakal; 6 At hinawakan ng mga iba ang kaniyang mga alipin, at sila'y dinuwahagi, at pinagpapatay. 7 Datapuwa't ang hari ay nagalit; at sinugo ang kaniyang mga hukbo, at pinuksa ang mga mamamatay taong yaon, at sinunog ang kanilang bayan. 8 Nang magkagayo'y sinabi niya sa kaniyang mga alipin, Nahahanda ang kasalan, nguni't hindi karapatdapat ang mga inanyayahan. 9 Magsiparoon nga kayo sa mga likuang lansangan, at anyayahan ninyo sa piging ng kasalan ang lahat ninyong mangasumpungan. 10 At nagsilabas ang mga aliping yaon sa mga lansangan, at kanilang tinipon ang lahat nilang nangasumpungan, masasama at mabubuti: at napuno ng mga panauhin ang kasalan. 11 Datapuwa't pagpasok ng hari upang tingnan ang mga panauhin, ay doo'y nakita niya ang isang tao na hindi nararamtan ng damit-kasalan: 12 At sinabi niya sa kaniya, Kaibigan, ano't pumasok ka rito na walang damit-kasalan? At siya'y naumid. 13 Nang magkagayo'y sinabi ng hari sa mga naglilingkod, Gapusin ninyo ang mga paa at mga kamay niya, at itapon ninyo siya sa kadiliman sa labas; diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin." (Mateo 22:1-13)

Si Jesus na ating Panginoon at ang ating Amo, at Siya rin ay ating kaibigan, Sinasabi Niya ang tungkol sa Kaharian ng Diyos sa isang anyo ng talinghaga. Dito si Jesus ay ginamit ang talinghaga ng paganyaya sa kasalan. Alam natin na si Jesus ay ang lalaking ikakasal at tayo na Kanyang simbahan ay ang babaeng ikakasal at kapag Siya ay dumating muli makaktagpo natin Siya sa alapaap at tayo mapapasa Kanya magpakailanman. Kapag nakatagpo na natin Siya sa alapaap, sa gayon ang Hapunan ng pagkakasal ng Cordero ay magaganap gaya ng mababasa natin, "5 At lumabas ang isang tinig sa luklukan, na nagsasabi, Purihin ninyo ang ating Dios, ninyong lahat na mga lingkod niya, ninyong lahat na mga natatakot sa kaniya, maliliit at malalaki. 6 At narinig ko ang gaya ng isang tinig ng isang makapal na karamihan, at gaya ng lagaslas ng maraming tubig, at gaya ng ugong ng malalakas na kulog na nagsasabi, Aleluya: sapagka't naghahari ang Panginoong ating Dios na Makapangyarihan sa lahat. 7 Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang mainam, at siya'y ating luwalhatiin; sapagka't dumating ang pagkakasal ng Cordero, at ang kaniyang asawa ay nahahanda na. 8 At sa kaniya'y ipinagkaloob na damtan ang kaniyang sarili ng mahalagang lino, makintab at tunay; sapagka't ang mahalagang lino ay siyang mga matuwid na gawa ng mga banal. 9 At sinasabi niya sa akin, Isulat mo, Mapapalad ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan ng Cordero. At sinasabi niya sa akin, Ang mga ito'y siyang tunay na mga salita ng Dios." (Pahayag 19:5-9) Tayo na natatakot sa Diyos at naglilingkod sa Kanya, ay ang simbahan ni Jesus, sa ganon sa ganitong kadahilanan kailangan nating ihanda ang ating sarili sa ganoong pangyayari upang maging handa, malinis at walang kasalanan upang makatagpo ang Panginoon. Kailangan nating matakot sa Kanya at paglingkuran Siya upang makatagpo Siya at mapasa Kanya magpakailanaman kapag Siya ay dumating.

Ang Panginoon ay sinalita ang talinghaga yaon at pinapatamaan Niya ang mga Fariseo na sumasalungat sa Kanya. Ang Hari ay ang Diyos ang Ama na ipinadala ang Kanyang anak ang Panginoonh JesuCristo sa lupa upang dalhin sa ating ang kaligtasan ng Diyos bilang Siya ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan; Binayaran Niya ang halaga para sa atin mga kasalanan upang bigyan tayo ng walang hanggang buhay.

Inanyayahan ng Diyos ang Kanyang mga tao sa pagpapadala sa kanila ng Kanyang mga lingkod; isa at dalawang beses Niya ipinadala sa kanila. "3 At sinugo ang kaniyang mga alipin upang tawagin ang mga inanyayahan sa piging ng kasalan: at sila'y ayaw magsidalo.4 Muling nagsugo siya sa ibang mga alipin, na sinasabi, Sabihin ninyo sa mga inanyayahan, Narito, inihanda ko na ang aking piging; pinatay ko ang aking mga baka at mga hayop na matataba, at ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na: magsiparito kayo sa piging ng kasalan." (Mateo 22:3-4) Tayong lahat ay lingkod ng Diyos at kailangan nating magpatuloy at anyayahan ang mga tao na pumunta kay Cristo, upang sumunod sa Kanya at tanggapin Siya bilang Hari ng kanilang buhay, at sa ganitong paraan inaanyayahan natin sila sa Hapunan ng Kasalan ng Cordero na magaganap sa Langit kapag dumating si Jesus. Si

Jesus ay ang tanging paraan upang makarating sa Langit. Ang mga inanyayahan natin na sila'y makakasama natin at ipagdiriwang natin ng sama sama, pagiging kasama ng Panginoon at magpakailanman.

Lahat tayo ay lingkod ng Diyos at hindi natin kailangan mapanghinaan ng loob dahil ang mga tao ay tumanggi na lumapit sa Diyos at tumugon sa Kanyang tawag.

Kapag pumunta ka at ipangaral ang mabuting balita at inanyayahan ang mga tao huwag ka dapat panghinaan ng loob kapag ang mga tao ay hindi nagbibigay ng atensyon o kapag ang mga tao"y pinapahalagahan ang ibang personal na mga bagay sa pagtawag ng Diyos sa kanilang buhay.

Kailangan nating magpatuloy na pumunta sa sinoman tayo ay ipinadala ng Diyos. Kailangan nating malaman ang mga sumusunod na katotohanan: Tayo ay pupunta sa mga tao sa pagtugon sa tawag ng Diyos at hindi dapat tayong mahikayat ng mga pagtugon ng mga tao sa mensahe na dinadala natin sa kanila, bagkus tayo ay inuudyukan ng gantimpala na ipinangako ng Diyos sa atin, ang Walang hanggang buhay, kapag tinawag Niya tayo upang paglingkuran Siya.

Ang pagtugon sa mga pag anyaya ng mga lingkod sa mga tao na naimbitahan ay hindi mabuti. Sila'y tumangging dumalo at lahat sa kanila ay mayroong kanyang sariling dahilan at katwiran ng pagtanggi sa pagtawag ng Diyos. "5 Datapuwa't hindi nila pinansin, at sila'y nagsiyaon sa kanilang lakad, ang isa'y sa kaniyang sariling bukid, ang isa'y sa kaniyang mga kalakal;" (Mateo 22:5) Inuna nila ang kanilang mga negosyo at mga gawain kaysa sa pagtawag ng Diyos. Ang mga tao sa tiyak na panahon iniibig nila ang kanilang trabaho, ang kanilang ambisyon, at ang kanilang mga plano at proyekto ng higit sa tawag ng Diyos, ngunit hindi nila alam na inaanyayahan natin sila sa Hapunan ng kasal ng Cordero, si Jesu-Cristo, kapag Siya ay dumating ito'y magaganap sa alapaap. Huwag kang mapabilang sa ganyang mga tao. Tinatawag ka ng Diyos ngayon, kahit ngayon, upang pumasok sa Kanyang Kaharian; sa gayon huwag mong balewalain ang imbitasyong ito sa halip ay ipagpaliban kung ano ang nasa iyong kamay at pumunta at sumama at sumunod sa Panginoon kasama namin.

Ilan sa kanila ay mapusok at inusig nila ang mga lingkod ng Diyos, "6 At hinawakan ng mga iba ang kaniyang mga alipin, at sila'y dinuwahagi, at pinagpapatay." (Mateo 22:6) Ilagay mo sa iyong isip na maaaring ikaw ay maltratuhin o pagsalitaan ng masama, ngunit hindi ka dapat sumuko, at kailangan mong magpokus sa Diyos at magpatuloy na paglingkuran Siya. Ang masamang pagtrato sa lingkod ng Diyos ay ginawa ng mga Israelita sa lahat ng mga propeta na ipinadala ng Diyos upang tulungan sila at kahit na si Jesus na ipinadala ng Diyos upang iligtas tayo. Sila'y nagsabwatan laban sa Kanya at ipinako Siya sa krus. Sila'y nagsabwatan laban sa mga apostoles at pinaguusig sila, at sila'y nagpatuloy na usigin ang mga tagasunod ng Panginoon at naging dahilan sa kanila upang kumalat at patuloy na sumusunod sa kanila upang sila ay saktan.

Ang Panginoon ay galit sa Kanyang mga tao na gumawa niyaon, at alam natin na ang bayan ng Jerusalem at ang templo ay sinira ng mga Romano noong 70 A.D. "Datapuwa't ang hari ay nagalit; at sinugo ang kaniyang mga hukbo, at pinuksa ang mga mamamataytaong yaon, at sinunog ang kanilang bayan." (Mateo 22:7) Hinatulan ng Diyos ang mga Judio sa kanilang mga kasalanan at sa kanilang masamang pagtugon sa mensahe ni Jesus. Ipinadala ng Panginoon ang hukbo ng Romano na sumakop sa Jerusalem, winasak ang templo at pinatay ang lahat ng mga Judio na nasa Jerusalem, parehong tao na umusig kay Cristo at sa Kanyang simbahan.

Ang Panginoon ay nagpatuloy na harapin ng wasto at sa tamang panahon ang mga hindi tumugon sa tawag ng Diyos sa kanilang buhay at gumawa upang usigin tayo at usigin ang Kanyang simbahan na nagbibigay sa kanila ng mensahe ng Diyos. Hindi ito ang ating malasakit at ito ay hindi natin responsibilidad upang harapin ang mga umuusig sa atin, kundi ang Diyos Mismo ang haharap sa kanila sa Kanyang tamang panahon.

Ang Panginoon din ay gagantimpalaan ang bawat isa sa atin sa paglilingkod na nagawa natin at para sa kabigatan, sa paghihirap at paguusig na ating natanggap.

Ang misyon ng Diyos ay hindi matatapos sa masamang pakikitungo at paguusig, kundi magpapatuloy, "8 Nang magkagayo'y sinabi niya sa kaniyang mga alipin, Nahahanda ang kasalan, nguni't hindi karapatdapat ang mga

inanyayahan. 9 Magsiparoon nga kayo sa mga likuang lansangan, at anyayahan ninyo sa piging ng kasalan ang lahat ninyong mangasumpungan." (Mateo 22:8-9) Si Jesus pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay mula sa kamatayan at bago ang Kanyang pagakyat sa Langit inutusan Niya ang Kanyang mga disipolo na pumunta at ipangaral ang mabuting balita at gumawa ng bagong mga alagad.

At kahit ngayon, ang simbahan ay inuutusan at ang pananagutan ay sa harapan ng Panginoon upang magpatuloy na ipangaral ang mabuting balita at gumawa ng bagong mga alagad. Magkasama tayong pupunta at aanyayahan natin ang mga bagong tao upang sumunod kay Cristo, sa dami ng ating masusumpunga. Mayroon tayong mensahe, 'ang kasalan ay handa na', si Jesus ay namatay at nabuhay na maguli ang daan ay bukas ngayon upang makapunta sa Diyos na ating Ama sa pamamagitan ng dugo ni Jesus.

Maaring mong itanong ang tungkol sa mga inimbitan at hindi tumugon at minaltrato ang lingkod ng Diyos ng masama? Ayon sa Salita ni Jesus, tinawag Niya silang hindi karapatdapat, "8 Nang magkagayo'y sinabi niya sa kaniyang mga alipin, Nahahanda ang kasalan, nguni't hindi karapatdapat ang mga inanyayahan." (Mateo 22:8) Sa gayon, ito ay ang pangalawang babala sayo ngayon. Huwag kang tumugon ng negatibo sa mensahe ng Panginoon bagkus lumapit, at bumalik, at ibigay ang iyong buong buhay sa Panginoon at simulang paglingkuran Siya.

"At nagsilabas ang mga aliping yaon sa mga lansangan, at kanilang tinipon ang lahat nilang nangasumpungan, masasama at mabubuti: at napuno ng mga panauhin ang kasalan." (Mateo 22:10) Hindi tayo susuko at hindi tayo panghihinaan ng loob hangga't marinig ng lahat ang mabuting balita ni Jesus. Magpapatuloy nating abutin ang bagong mga tao at tipunin sila, kaya kung bakit may iba't ibang ministerio ng simbahan at lugar na layunin ay abutin ang tiyak na bagong mga tao at dalhin sila sa kaalaman ni Cristo. Titipunin natin sila na masumpungan natin, kapwa masama at mabuti, Si Jesus ay tinatawag ang lahat masasama at mabubuti at tayo. Mga lingkod ni Cristo, gagawin natin ang katulad.

Ngayon kailangan mong malaman at tanggapin na kapag ang mga tao ay dumating at tinanggap ang paanyaya hindi ibig sabihin na tayo ay tapos na. Kahit sa mga bagong mananampalataya ni Cristo, kailangan nilang maturuan, idisipolo at disiplinahin at ito ay kinakailangan mula sa kanila upang sumunod kay Cristo ng buong puso.

Ang dahilan sa likod niyaon, Una, sapagkat ang pamantayan ng Panginoon ay hindi nagbabago; lahat ng nanniniwala kay Cristo ay dapat sa huli ay sumunod sa Kanya ng buong puso, at Pangalawa, sapagkat sa huli may paghuhukom. Kung naniniwala ka kay Cristo sa gayon dapat kang maging isang alagad sa Kanya.

Sa talinghaga ng piging ng kasal ating mababasa na kahit sa mga tumugon sa paanyaya ay sinisiyasat at hinatulan, "11 Datapuwa't pagpasok ng hari upang tingnan ang mga panauhin, ay doo'y nakita niya ang isang tao na hindi nararamtan ng damit-kasalan: 12 At sinabi niya sa kaniya, Kaibigan, ano't pumasok ka rito na walang damit-kasalan? At siya'y naumid." (Mateo 22:11-12) Ang pagsisiyasat na yaon at panahon sa Paghatol dapat nating asahan at ilapat ang panukala sa ating paglilingkod at ministerio na ang kasalanan sa simbahan misyon at ministerio ay kinakailangang matugunan, masiyasat, at maayos na harapin, at disiplinahin at ang tuntunin ng Diyos ay mailapat upang kapag si Cristo ay dumating, tayo ay handa at hindi tayo mahahatulan.

Ito ay mahalaga sapagkat ang huling paghuhukom ay naghihintay sa lahat, kahit sa mga tumugon sa paanyaya, sapagkat sa Diyos ay walang kinikilingan: "13 Nang magkagayo'y sinabi ng hari sa mga naglilingkod, Gapusin ninyo ang mga paa at mga kamay niya, at itapon ninyo siya sa kadiliman sa labas; diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin." (Mateo 22:13) Ang Langit ay totoo at ang impiyerno ay totoo at kailangan nating ipangaral ang tungkol sa mga ito ng pareho. Sa kaligtasan ni Jesus, pagsisisi ay sapilitan, at magdadala sa atin sa Langit, ngunit sa pamumuhay sa kasalanan ay magdadala sa ating sa impiyerno.

Pagsasabi tungkol sa paglalapat ng mensaheng ito sa buhay ng simbahan masasabi natin ang mga sumusunod:

1. Tayo bilang simbahan gaya ng ibang simbahan at tayo na mga Kristiyano ay nagagalak sa kaligtasan ni Jesus at may pribilehiyo sapagkat tinanggap natin si Cristo at tayo ay tinawag na mga Kristiyano sa Kanyang pangalan.

Tayo ay pinagpala at mas mabuti kaysa sa Judio, mga Muslim, mga Hindu, Puddist at ang natitirang tumanggi kay Cristo at tinawag silang hindi karapatdapat, "8 Nang magkagayo'y sinabi niya sa kaniyang mga alipin, Nahahanda ang kasalan, nguni't hindi karapatdapat ang mga inanyayahan" (Mateo 22:8) Oo, tayo ay mas mabuti kaysa iba na hindi naniniwala, ngunit hindi malaya yaon sa atin mula sa pag disiplina at paglakad ayon sa Salita ng Diyos.

2. Mga simbahan, mga gawain at mga ministerio ay pagsikapang ipangaral ang mabuting balita at abutin ang bagong mga tao. Mga pinagkukunan at mga materyal na bagay ay inimbento at inilaan sa pagabot sa nawawala. TV, Satellites, Mga crusada, Pageebanghelyo at Media, Mga manggagawa at mga minsitero ang lahat ay pinagawa para sa layuning ito upang abutin ang mga bagong tao at ibigay sa kanila ang mensahe tungkol kay Jesus, "9 Magsiparoon nga kayo sa mga likuang lansangan, at anyayahan ninyo sa piging ng kasalan ang lahat ninyong mangasumpungan."10 At nagsilabas ang mga aliping yaon sa mga lansangan, at kanilang tinipon ang lahat nilang nangasumpungan, masasama at mabubuti: at napuno ng mga panauhin ang kasalan." (Mateo 22:9-10)

3. Pagdidisipolo at disiplina ay kinakailangang kasama ng pageebanghelyo. Mga simbahan at tayo bilang simbahan ay nakapokus sa pagdidisipolo at pagtuturo sa kanila ng mga paraan ng Diyos at kung paano mabuhay ng naaayon sa kalooban ng Diyos sapagka't siguradong darating ang paghuhukom. "11 Datapuwa't pagpasok ng hari upang tingnan ang mga panauhin, ay doo'y nakita niya ang isang tao na hindi nararamtan ng damit-kasalan: 12 At sinabi niya sa kaniya, Kaibigan, ano't pumasok ka rito na walang damit-kasalan? At siya'y naumid.13 Nang magkagayo'y sinabi ng hari sa mga naglilingkod, Gapusin ninyo ang mga paa at mga kamay niya, at itapon ninyo siya sa kadiliman sa labas; diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin." (Mateo 22:11-13) At tayo ay mahahatulan pa rin ng Panginoon kung ang ating buhay ay hindi alinsunod pa din sa disenyo ng Kanyang Salita. Tinawag ng Panginoon ang isa sa hindi nakasuot ng damit pangkasal, "Kaibigan" Samakatuwid, kailangan nating maintindihan na kahit na tayo ay kaibigan ni Jesus at nasa pakikipagkaibigan sa Kanya, hindi ibig sabihin na ililigtas Niya tayo sa paghatol kung makikita Niya tayo na hindi tapat at nasa kasalanan. Hindi natin maaaring samantalahin ang pakikipagkaibigan kay Cristo. Sa gayon kailangan nating maging mataimtim at magsisi kaagad mula sa lahat ng ating mga kasalanan.

4. Mga pagpupulong ng simbahan ay hindi dapat nakadirekta sa mga aktibidad, mga pagtitipon at mga palabas na nakakaaliw sa pinagmulan at makamundong layunin. Pagtanggap kay Cristo at hindi pagsunod sa Kanya ay hindi pautang. Ang Banal na Espiritu at ang mga kaloob ng Diyos ay dapat magamit upang pagtibayin ang mga kasapi ng simbahan. Mga simbahan, mga gawain , mga manggagawa at mga ministerio at tayo ang ating sarili , dapat nating malaman na si Jesus ay mahigpit na haharapin tayo, sa Kanyang simbahan at sa Kanyang mga alagad sa oras ng huling paghuhukom.

5. Ang mga kaibigan ni Jesus ay ang tapat na mga alagad at dapat magturo sa mga tao ng tamang paraan ng buhay at babalaan sila na huwag magkasala sapagkat ang pagguhukom ay darating.

6. Kahit na ang mga tao ay magalit sa atin, at kahit na kung tayo ay magdudulot ng mga sugat sa kanila, kailangan pa rin natin silang turuan at ituwid sila hangga't sila'y karapatdapat sa Salita ng Diyos, "Tapat ang mga sugat ng kaibigan: nguni't ang mga halik ng kaaway ay malabis." (Kawikaan 27:6) Ang lalaki na kinausap ng hari ay naumid at siya napahiya sapagkat kinausap siya sa harap ng lahat, "11 Datapuwa't pagpasok ng hari upang tingnan ang mga panauhin, ay doo'y nakita niya ang isang tao na hindi nararamtan ng damit-kasalan:12 At sinabi niya sa kaniya, Kaibigan, ano't pumasok ka rito na walang damit-kasalan? At siya'y naumid." (Mateo 22:11-12) Kahit na ang mga tao ay mapahiya,malagay sa kahihiyan at mapahiya, kailangan nating magpatuloy na gawin yaon sapagkat tayo'y tunay na naglilingkod sa kanila at pinoprotektahan sila mula sa pagbagsak sa kasalanan at mula sa pagdating ng galit ng Diyos.

7. Sa talata na ating nabasa dalawang beses na ating nabasa ang salitang handa, sa bersekulo 4 at bersekulo 8, "4 Muling nagsugo siya sa ibang mga alipin, na sinasabi, Sabihin ninyo sa mga inanyayahan, Narito, inihanda ko na ang aking piging; pinatay ko ang aking mga baka at mga hayop na matataba, at ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na: magsiparito kayo sa piging ng kasalan. 8 Nang magkagayo'y sinabi niya sa kaniyang mga alipin, Nahahanda ang kasalan, nguni't hindi karapatdapat ang mga inanyayahan." (Mateo 22:4,8) lahat ng bagay ay handa na: Ang kasalan ay handa na, Ano ibig Niyang sabihin at dapat nating malaman ang Salitang 'handa' na lahat

ay mabuti at sakdal sa paghahanda para sa atin at kailangan lang natin tumugon sa tawag ng Diyos at sa paanyaya. Hindi yaon na kailangan nating magpakapagal sa Diyos, ngunit inihanda na ng Diyos ang lahat ng mga bagay para sa atin. Hindi yaon na tayo ay magbibigay sa Diyos ngunit ang Diyos ang magbibigay sa atin,. Maaring tayo ay maglaan at maghirap sa kaunting sandali ngunit si Cristo ang gaganti sa atin ng higit sa anong ating inilaan.

Sa aking mahal at minamahal: Ang Salita ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng karunungan at kaunawaan at pagtutuwid sa atin upang paglingkuran ang layunin ng Diyos na may kaalaman na hind dapat tayong sumuko; pagpapatuloy sa pangangaral, paggawa ng mga bagong alagad, pagpapayo, pagtutuwid, at pagbabala laban sa kasalanan, at paghahanda sa kanila at paghahanda sa ating sarili para sa pangalawang pagdating ni Cristo.

Tinatawag ka ng Diyos: sa gayon ipangako ang iyong sarili sa Kanyang misyon at layunin at sa mga simulain na natutunan mo sa Kanyang Salita.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, namatay sa krus at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon aking nauunawaan ng maayos ang iyong Salita, at salamat sa iyong Salita na nagawang kong maunawaan kung ano ang nangyayari sa paligid ko. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili sa misyon at ang layunin na ako ay iyong tinawag upang maging bahagi nito. Panginoon bigyan ako ng kalakasan at katapangan upang mapagtuloy na salitain at ipangaral ang iyong Salita.

Ating ipahayag sa Panginoon ang ating mga kasalanan.

Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan.

Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang talikuran ang mga kasalanang ito at isapamuhay ang aking buhay sa kabanalan at katuwiran. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking buhay upang paluguran ka, gawin ang iyong kalooban, at paglingkuran ka ayon sa iyong mga paraan.

Panginoon suportahan mo ako sa mga pinagkukunan at ibigay ang lahat ng aking mga kailangan upang isapamuhay ang aking buhay para sayo. Panginoon protektahan mo ako mula sa paguusig at mula sa lahat ng uri ng mga panghihina ng kalooban.

Panginoon punuin mo ulit ako ng Banal na Espiritu upang magpatuloy na mangaral, gumawa ng bagong alagad, pagpapayo, pagtutuwid, at pagbabala sa kanila tungkol sa Pangalawang Pagdating ni Cristo at ang pagdating ng iyong paghatol.

Panginoon ako ay nananalangin para sa aking kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinagkatiwala ang kanilang buhay upang paglingkuran ka. Panginoon pagpalain mo sila, ibigay ang para sa kanila at protektahan sila mula sa paguusig at mula sa masama at masamng pagtrato ng mga tao. Ako ay labag sa lahat ng gawain ng Diyablo sa kanilang buhay sa pangalan ni Jesus.

Panginoon punuin sila ng Banal na Espiritu at bigyan sila ng mga kaloob na espirituwal na kailangan nila sa kanilang buhay upang paglingkuran ka. Panginoon gawin mo ang kanilang buhay na mabuting patotoo sa iba upang makilala ka at sumunod sayo.

Panginoom pagpalain kami bilang isang simbahan, protektahan kami at ibigay ang lahat ng aming mga pangangailangan. Panginoon pataasin mo ang aming pananampalataya at aming pagtitiwala sayo. Panginoon bigyang daan kami upang makapagebanghelyo at upang abutin ang bagong mga tao at mga bansa, bagong mga bayan, at bagong bansa ng mabuting balita ni Jesus. Panginoon bigyang daan kami upang magsimula ng pagaaral ng Bibilya at makapagtanim ng bagong kongregasyon para sa simbahan. Panginoon kunin mo ang mensaheng ito at palaganapin ito. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong puso upang hindi namin maramdaman ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoog JesuCristo at ang pagibig ng Diyos at pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.